باللغة الفلبينية

جمعية إحياء التراث الإسلامي

صفة العمـرة بالصور

# Ang Pamamaraan Ng ‘Umrah Sa Mga Larawan










Tinipon at inihanda ng:

مركز الهداية للتعريف بالإسلام

HEDAYA ISLAM PRESENTATION CENTER

[محافظتي الأحمدي ومبارك الكبير]

69980667 hedaya kwt hipckuwait hipc.kuwait hipc.alturath.net

صفة العمرة بالصور

مترجمة إلى اللغة الفلبينية

# Ang Pamamaraan Ng 'Umrah Sa Mga Larawan

Sinuri ng Komiteng Pangkultura ng Revival of Islamic Heritage Society

Tinipon at inihanda ng:
**HEDAYA ISLAM PRESENTATION CENTER**
Kuwait. 69980667 - 66559553

# Mga Nilalaman

Pambungad na Salita ng Center .............................. 03
Mga Panalangin sa Paglalakbay ............................... 04
Ang Pagka-lehitimo ng ‘Umrah .............................. 07
Ang Oras ng ‘Umrah ................................................ 07
Ang Hatol sa ‘Umrah ............................................... 08
Ang Kahulugan ng ‘Umrah ..................................... 08
Mga Gawain sa ‘Umrah ........................................... 09
Mga Miqat (Himpilan) ng Ihram .......................... 09
Mga Gawain sa Miqat ............................................... 10
Mga Gawain Pagkatapos Isuot ang Kasuotan ng Ihram ... 15
Mga Ipinagbabawal sa (kalagayan ng) Ihram ............ 17
Ilang Bagay na Maaaring Gawin ng Mu’tamir Pagkatapos Maisagawa ang Ihram ................................................ 20
MgaGawainMulasaMiqatPatungosa(Masjid)Al–Haram..21
Mga Gawain sa Tawaf (Paglilibot sa Ka’bah) ........... 23
Pagkatapos Isagawa ang Pitong Shawt ng Tawaf ....... 26
Ang Pagsasagawa ng Sa’I sa Pagitan ng Safa at Marwa .... 28
Pag-aahit ng (buhok sa) Ulo o Paggugupit Nito ............... 32

# Pambungad na Salita ng Center

Sa ngalan ng Allaah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakama-awain. Ang lahat ng papuri ay ukol sa Allaah lamang. Pagpapala at kapayapaan sa Sugo ng Allah, sa kanyang pamilya, mga kasamahan at kakampi.

Ikinalulugod ng Lupon ng mga Tagapangasiwa ng Hedaya Islam Presentation Center [Al-Ahmadi at Mubarak Al-Kabeer Area] ng Islamic Heritage Revival Society na ihandog sa inyo itong buklet na pinamagatang "Ang Pamamaraan Ng 'Umrah Sa Mga Larawan".

Ang gawaing ito ay isasalin, sa pahintulot ng Allaah, sa maraming wika upang mapaglingkuran ang posibleng pinakamalawak na hanay ng mga komunidad.

Ang gawaing ito ay produkto ng maraming taon na karanasan ng Center sa larangan ng pagpapalakad ng mga biyahe ng 'Umrah para sa mga komunidad.

Kaya naman aming napagpasyahan na gawin ang buklet na ito upang ipaliwanag ang pamamaraan ng 'Umrah ayon sa Banal na Qur'an at Sunnah sa pamamagitan ng hakbang-hakbang na gabay, mga larawan, at simpleng paliwanag para sa bawat membro ng mga komunidad, Muslim man o bagong balik-Islam.

Hininhiling namin sa Allaah na tanggapin mula sa amin at sa inyo ang mabubuting gawain at bigyan tayo ng kadalisayan sa layunin at ng husay sa gawa.

Pagpalain ng Allaah ang ating Propeta Muhammad, ang kanyang pamilya at lahat ng kanyang mga kasamahan.

- Lupon ng mga Tagapangasiwa ng Center

# Mga Panalangin sa Paglalakbay

Kapag magpapaalam sa isang tao, sabihin:

أَسْتَوْدِعُ اللَّهَ دِينَكَ وَأَمَانَتَكَ وَخَوَاتِيمَ عَمَلِكَ

( Ipinagkakatiwala ko sa pangangalaga ng Allaah ang iyong relihiyon, kaligtasan at kahulihulihan ng iyong mga gawa.) [Abu Daud: 2603]

Kapag sasakay sa anumang paraan ng transportasyon, sabihin: بِسْمِ الله (Sa ngalan ng Allaah) [Abdu Daud:2604]

Pagkatapos namang sumakay, sabihin:

الله أكبر، الله أكبر، الله أكبر، سُبْحَانَ الَّذِي سَخَّرَ لَنَا هَذَا وَمَا كُنَّا لَهُ مُقْرِنِينَ وَإِنَّا إِلَى رَبِّنَا لَمُنْقَلِبُونَ اللَّهُمَّ إِنَّا نَسْأَلُكَ فِي سَفَرِنَا هَذَا الْبِرَّ وَالتَّقْوَى وَمِنْ الْعَمَلِ مَا تَرْضَى اللَّهُمَّ هَوِّنْ عَلَيْنَا سَفَرَنَا هَذَا وَاطْوِ عَنَّا بُعْدَهُ اللَّهُمَّ أَنْتَ الصَّاحِبُ فِي السَّفَرِ وَالْخَلِيفَةُ فِي الْأَهْلِ اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنْ وَعْثَاءِ السَّفَرِ وَكَآبَةِ الْمَنْظَرِ وَسُوءِ الْمُنْقَلَبِ فِي الْمَالِ وَالْأَهْلِ

(Ang Allaah ang Pinakadakila! Ang Allaah ang Pinakadakila! Ang Allaah ang Pinakadakila! Kaluwalhatian sa Kanya, na Kanyang inilaan (ang sasakyan) para sa amin, kahit na hindi kaya ng aming sarili upang magkaroon nito. At katotohanang sa

aming Panginoon ang aming pagbabalik. O Allaah! Hinihiling namin sa Iyo ang kabutihan at takot (sa Iyo) sa paglalakbay naming ito, at ang anumang makapagbibigay sa Iyo ng kasiyahan sa (aming) mga gawain. Oh Allaah Ikaw ang kasama namin sa paglalakbay at ang Tagapangalaga sa aming pamilya. Oh Allaah! Ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga kahirapan ng paglalakbay, kadiliman ng tanawin, at masamang kahihinatnan sa aking mga ari-arian at pamilya.) [Muslim 3339]

At sabihin din:

لاَ إِلَهَ إِلاَّ أَنْتَ، سُبْحَانَكَ إِنِّي ظَلَمْتُ نَفْسِي ، فَاغْفِرْ لِي ، فَإِنَّهُ لا يَغْفِرُ الذُّنُوبَ إِلا أَنْتَ

( Walang ibang diyos maliban sa Iyo. Kaluwalhatian sa Iyo. Katotohanang nagkasala ako sa aking sarili. Patawarin mo ako! Katotohanang walang makapagpapatawad ng kasalanan maliban sa Iyo.) [Al-Nasayee and Abu Daud: 2604]

Sa tuwing paakyat sa matataas na lugar (habang naglalakbay), sabihin: اللَّهُ أَكْبَرُ (Ang Allaah ang Pinakadakila!)

At kapag pababa naman sa mababababang lugar, sabihin:

سُبْحَانَ اللَّهِ (Kaluwalhatian sa Allaah!) [Abu Daud: 2601]

Kung bababa (hihinto nang pansamantala) sa isang lugar, sabihin:

أَعُوذُ بِكَلِمَاتِ اللَّهِ التَّامَّاتِ مِنْ شَرِّ مَا خَلَقَ

(Humihingi ako ng kanlungan sa mga Ganap na Salita ng Allah mula sa kasamaan ng kanyang mga nilikha) [Muslim: 7054]

At habang pabalik (pauwi) mula sa paglalakbay, muling sabihin ang panalangin sa pagsakay nang kompleto:

( الله أكبر، الله أكبر، الله أكبر، سُبْحَانَ الَّذِي سَخَّرَ لَنَا هَذَا.. الخ )

At idagdag ito:

آيِبُونَ تَائِبُونَ، عَابِدُونَ لِرَبِّنَا حَامِدُونَ

(Kami ay bumabalik nang nagsisisi (sa aming Panginoon), sinasamba at pinupuri ang aming Panginoon) [Isinalaysay ni Muslim]

## Ang Pagka-lehitimo ng ‘Umrah

Sinabi ng Allaah (Kataas-taasan):

(At inyong isagawa nang ganap ang Hajj (Pilgrimahe) at ‘Umrah (Maigsing Pilgrimahe) para sa Allah.)

[Surah al-Baqarah 196]

Ang Sugo ng Allaah (pagpapala ng Allaah at kapayapaan sa kanya) ay nagsabi: «Ang ‘Umrah hanggang sa isa pang ‘Umrah ay pumapawi ng kasalanan sa loob ng pagitan ng dalawa, at ang tanggap na Hajj ay walang ibang gantimpala kundi ang Paraiso.”

[Napagkasunduan ni Bukhari at Muslim]

## Ang Oras ng ‘Umrah

Ang mga fuqaha (dalubhasa sa batas ng Islam) ay nagkaisa na walang takdang oras para sa pagsasagawa ng ‘Umrah. Bagkus, ang buong taon ay panahon para sa‘Umrah, ngunit ang pinakamainam na panahon ng pagsasagawa ng ‘Umrah ay sa loob ng Ramadaan

sapagkat katumbas nito ang isang Hajj (Pilgrimahe) na kasama ang Propeta (sumakanya ang kapayapaan at pagpapala ng Allaah) batay sa Hadith : ((Ang ‘Umrah sa loob ng Ramadaan ay katumbas ng isang Hajj na kasama ako)) [Napagkasunduan ni Bukhari at Muslim]

## Ang Hatol sa ‘Umrah

Sinabi ng karamihan sa mga fuqaha (dalubhasa sa batas ng Islam) na ang ‘Umrah ay Sunnah (Ipinagpapayo at kanais-nais na gawin dahil ito ay kasali sa pamamaraan ng Propeta) na gawin, at ang ilan naman sa kanila ay sinabing ito ay Wajib (Obligasyon) nang isang beses.

## Ang Kahulugan ng ‘Umrah

Ito ang pagpunta sa Banal na Bahay ng Allaah ayon sa isang partikular na pamamaraan. O kaya naman, ito ang pagsasagawa ng Tawaaf (paglilibot) sa Banal na Bahay at ng Sa’I (paglalakad) sa pagitan ng (bundok ng) Safa at (bundok ng) Marwa habang nasa sa kalagayan ng Ihram.

## Ang Apat na Gawain sa 'Umrah

1) Ang Ihram (intensiyong magsagawa ng 'Umrah)

2) Ang Tawaf (paglilibot) sa Bahay (ng Allaah)

3) Ang Sa'i (paglalakad) sa pagitan ng Safa at Marwa

4) Pag-aahit ng buhok sa ulo o pagpuputol nito

## Mga Miqat (Himpilan) ng Ihram

Ang mga lugar na hindi maaaring malagpasan nang hindi nakakapagsagawa ng Ihram ay lima:

1) Dhul Hulaifah : para sa mga taga-Madinah at sinumang dumaraan sa kanilang daanan

2) Al-Juhfah : para sa sinumang nanggagaling sa Shaam. Ito ngayon ay tinatawag na «Rabigh»

3) Qarnul Manazil : para sa mga taga-Najd at ngayon ay tinatawag na «As-sayl Al-kabeer»

4) Yalamlam : para sa mga taga-Yemen, Tihama at India at ngayon ay tinatawag na «As-Sa'adiyah»

5) Dhaatu 'Irq : para sa mga taga-Iraq at mga taga-Silangan

# Mga Gawain sa Miqat


Miqat


Miqat

Pagdating sa Miqat (himpilan), Mustahabb (kanais-nais) na isagawa ang mga sumusunod na bagay:

(Kung naisagawa na ang mga kanais-nais na bagay na ito bago pa dumating sa Miqat habang naglalakbay sa daan, o kaya sa bahay, o kaya bago nagsagawa ng Ihram nang mga ilang oras ay walang problema at sapat na iyon)

**1)** pagpuputol ng kuko (1)

**2)** pagpuputol ng bigote

**3)** pag-aahit ng balahibo sa kilikili at sa pribadong katawan

**4)** paglilinis ng mga ngipin gamit ang siwak o iba pa. (2)

**5)** paliligo

- Mustahabb (kanais-nais) sa mga









**Ang Tawheed Ar-Ruboobiyyah (Kaisahan ng Pagka-Panginoon) ay ang pagbubukod-tangi sa Allaah sa paglikha, paghahari, pangangasiwa, pagsusustento, pagbibigay-buhay, pagbawi ng buhay at iba pa.**

kalalakihan ang paliligo. (1)(2)







• Mustahabb (kanais-nais) din sa babae ang maligo kahit na siya ay may regla o kapapanganak lang. At kung siyang babae ay ganun (may regla o kapapanganak lang) ay hindi siya maaring magsagawa ng Tawaf (paglibot) sa Bahay (ng Allaah) hangga't hindi pa siya nagiging dalisay at nakakaligo.

**6)** pagpapahid ng 'oud (isang uri ng pabango) o iba pa - sa katawan, ulo at balbas - bago pumasok sa (kalagayan ng) Ihram (3)







• Kailangang hindi mapahiran ng pabango ang kasuotan ng Ihram. (4)

• Walang problema sa mga kababaihan na gumamit ng anumang bagay na makapagtatanggal ng masamang amoy ngunit kinakailangang ang bagay na ito ay hindi naaamoy sa

kanila sapagkat makakahalubilo nila ang mga kalalakihan sa (Masjid) Al Haram, ganunpaman pinakamainam na huwag ng gumamit nito.

**7)** pagsuot para sa mga lalaki ng izaar at ridaa (dalawang tapis) na walang tahi (ibig sabihin ang may tahing kasuotan batay sa anyo katawan kagaya ng sa jersey ay hindi pwede).

Mustahabb (kanais-nais) na ang izaar at ridaa ay maging puti at malinis. (1) (2)







• Ang babae ay walang takdang kulay para sa kaniyang isusuot. Magsusuot lamang siya ng anumang kasuotang kanyang gugustuhin nang walang paglalantad ng kagandahan.

• Hindi pwedeng magsuot (ang babae) ng niqaab (3) at guwantes (4) dahil ang Propeta (sumakanya ang pagpapala at kapayapaan) ay nagsabi: *((Huwag magsuot ng niqaab ang babaeng nasa (kalagayan ng) Ihram at huwag siyang magsuot ng guwantes))* [Sahih al-Bukhari 1471]






• Mustahabb (kanais-nais) sa babae na takpan ang kanyang mukha sa harapan ng mga lalaking hindi niya mahram sapagkat si Aisha (kaluguran siya ng Allaah) ay nagsabi:

*((Ang mga manlalakbay ay dumaraan sa amin at kasama namin ang Sugo ng Allaah (kapayapaan at pagpapala sa kanya) na kami'y muhrimaat (nasa kalagayan ng ihram). Sa tuwing dumaraan sila sa aming tapat ay ibinababa ng isa sa amin ang kanyang jilbab mula sa ulo upang takpan ang kaniyang mukha. At kapag nalagpasan na nila kami ay aming tinatanggal ang jilbab mula sa mukha. ))*

[Sunan Abu Dawud 1835]

**8)** pagsuot ng tsinelas ① ②





• At kung hindi makahanap (ang lalaki) ng tsinelas, magsuot siya ng khuffain (leadther socks) at kanyang putulan ang mga ito upang umigsi at hindi umabot sa sakong ng paa.





• Hindi ipinapahintulot sa mga kalalakihan na magsuot ng medyas ③ at sapatos ④

• Walang problema sa mga kababaihan na magsuot ng kanilang nanaising khuff (leather sock), medyas, at sapatos.

• Kung may maiwan o hindi maisagawa ang alinman sa mga kanais-nais na gawaing ito ay walang problema at walang pananagutan, bagkus ang ‘Umrah ay wasto’t tama parin.

• Walang problema at walang pananagutan sa pagsasagawa nitong mga kanais-nais na gawain bago man o pagkatapos isuot ng kasuotan ng ihraam, ngunit sa kondisyong maisagawa ang mga ito bago ang pagpapahayag Niyyah (layunin sa ‘Umrah) at Talbiyah (pagbibigkas ng pagdadakila sa Allaah).

## Walang problema sa Mu’tamir (nagsasagawa ng ‘Umrah) na:

1. magsuot ng relo sa kamay.
2. magsuot ng singsing
3. magsuot ng sinturon
4. magsuot ng earphones












# Mga Gawain Pagkatapos Isuot ang Kasuotan ng Ihram

• Pagkatapos ng pagsasagawa ng mga mga kanais-nais na gawain, pagsuot ng Ihram, at paggawa ng wu'du (ablution); ay mag-alay ng obligadong Salat kung dumating na ang oras nito, at kung hindi nama'y mag-alay ng dalawang rak'ah (ng Salat) bilang Sunnah ng wu'du o ng pagpasok ng Masjid at iba pang Salat na Sunnah. Ang basehan ay ang hadith *((Ang Sugo ng Allaah – sumakanya ang pagpapala at kapayapaan – ay nagsasagawa ng dalawang rak'ah sa (miqat ng) Dhul Hulaifah, at kapag tumayo ang kanyang kamelyo sa kanyang likod malapit sa masjid sa Dhul Hulaifa, binibigkas niya ang mga salitang ito (ng Talbiyah)*.

[Sahih Muslim 2871]

• Matapos mag-alay ng Salat ay isapuso ang Niyyah (layunin) ng pagsisimula ng 'Umrah – ang intensyong ito ang diwa ng Ihram – at sabihin: (( لَبَّيْكَ عُمرةً ***Labbaika Umrah*** )) (Narito ako O Allaah! Bilang pagtugon sa iyong panawagan, isinasagawa ko ang Umrah) [Sahih Muslim 3054]

At bigkasin ang Talbiyah:

(( لَبَّيْكَ اللَّهُمَّ لَبَّيْكَ، لَبَّيْكَ لاَ شَرِيْكَ لَكَ لَبَّيْكَ، إِنَّ الْحَمْدَ وَالنِّعْمَةَ لَكَ وَالْمُلْكَ لاَشَرِيْكَ لَكَ ))

***((Labbaik Allaahumma Labbaik. Labbaika laa shareeka laka labbaik. Innal-hamda wan-ni'mata laka wal mulk. Laa shareeka lak.))***

(Narito ako o Allah (bilang pagtugon sa Iyong panawagan. Narito ako. Tunay na ang papuri at pagbibiyaya ay ukol sa Iyo at ang paghahari; wala kang katambal). [ Bukhari at Muslim ]

• Pinakamainam na magbigkas ng Talbiyah kasabay ng pagsagawa ng Niyyah (intensyon) kapag sasakay. At wala ring problema kung nauna nang magbigkas ng Talbiyah noong matapos ang Salat.

## Paalala:

• Pinapayagan ang isang Muhrim (nasa kalagayan ng Ihram) na isuot ang kasuotan ng Ihram sa kanyang bahay bago maglakbay o kaya naman sa loob ng eroplano, o sa loob ng bus kung siya ay naglalakbay sa lupa. Subalit, hindi muna siya magsasagawa ng Niyyah (intensyon) para sa Ihram hangga't hindi siya dumarating sa Miqat (himpilan) kung siya ay naglalakbay sa lupa. At kung siya nama'y nasa eroplano, siya'y magsasagawa ng Niyyah (intensyon) at Talbiyah kapag katapat na ang Miqat (kapag ipinahayag na ito ng Tagapangasiwa ng eroplano)

At sa pamamagitan ng pagsasagawa ng Niyyah kasama ang Talbiya, nakakapasok na ang nagsasagawa ng Umrah sa (kalagayan ng) Ihram. Kaya naman, nararapat lang na iwasan na niya ang mga ipinagbabawal sa loob ng kalagayan ng Ihram.

# Mga Ipinagbabawal sa (Kalagayan ng) Ihram

(Ang mga bagay na kinakailangang maiwasan ng Muhrim pagkatapos mag-Ihram)

**1)** pagpuputol ng mga kuko (1)




**2)** pag-aalis ng buhok sa ulo at katawan (para sa mga kalalakihan at kababaihan) (2)(3)










**3)** pagpapahid ng pabango sa katawan man o sa kasuotan (para sa mga kalalakihan at kababaihan) (4)

**4)** pamamanhikan o pakikipagkasunduan sa pag-aasawa (o pag-aasawa mismo) para sa sarili man o para sa iba. (5)




**5)** pagtatalik at anumang (seksual na ugnayan na) nakakaganyak humahantong dito.

**6)** pagpatay ng nahuling hayop sa lupa (hunting) ① ②







- Samantalang ang pagpatay ng nahuling hayop sa dagat (pangingisda) ay pinahihintulutan ③ Gayundin ang domestikong hayop kagaya ng manok. ④








**7)** pagtatakip ng mukha kagaya ng pagsusuot ng niqaab (para sa kalalakihan at kababaihan)

**8)** pagtatakip ng ulo kagaya ng pagsusuot ng shimagh, ‘imamah, taqiyah, at iba pang nakadikit sa ulo. (para lang sa kalalakihan) ⑤ ⑥ ⑦









• Walang problema sa paggamit ng payong dahil hindi ito nakadikit sa ulo (1) o sa pagdadala ng mga bagay sa taas ng ulo. (2)







**9)** pagsuot ng kasuotang may tahi na nakabatay sa hugis ng katawan tulad ng mga shirt, pantalon, jersey at iba pang mga regular na kasuotan. (3)

**10)** pagsusuot ng medyas, khuff at sapatos. (4) (5)





**Paalala:**

Kung walang mahanap na tsinelas, magsuot na lang ng khuffain at putulan ito nang matanggal ang bahaging nakakatakip sa takong ng paa.

## Mga Natatanging Paalala Para sa Kababaihan Lang:

• Ang babae ay hindi pinapahintulutang magsuot ng niqab at guwantes habang nasa kalagayan siya ng Ihram.

• Subalit, tatakpan niya ang kanyang mukha sa harapan ng mga kalalakihang hindi niya mahram.

• At maari niyang takpan ang kanyang ulo ng anumang bagay.

## Ilang Bagay na Maaaring Gawin ng Mu'tamir (Nagsasagawa ng Umrah) Kapag Nakapasok na Siya sa (kalagayan) ng Ihram

**1)** ang magtanggal ng kasuotan ng Ihram at palitan ito kung nadumihan o kung kinakailangan. (1) Gayundin ang tsinelas.



• Gayunding walang problema kung magpapalit ng damit ang babae.

**2)** Ipinapahintulot sa isang Muhrim (nasa kalagayan ng Ihram) na maligo at hugasan ang kaniyang ulo at kuskusin ito kung kinakailangan. Wala ring problema kung may mahulog ang ilan sa kanyang mga buhok. (2)



# Mga Gawain (Habang Naglalakbay) Mula sa Miqat Patungo sa (Masjid) Al - Haram ① ②





• Matapos pumasok sa (kalagayan ng) Ihram, Mustahabb (kanais-nais at ipinagpapayo) para sa Muhrim (nasa kalagayan ng Ihram) – siya man ay nasa bus o nasa eroplano – ang magparami ng pagbigkas ng Talbiyah hanggang siya ay umabot at makapag-alay ng Salat sa (Masjid) Al-Haram. Ang paraan ng pagbigkas ng Talbiyah ay ang sabihin:

لَبَّيْكَ اللَّهُمَّ لَبَّيْكَ، لَبَّيْكَ لاَ شَرِيْكَ لَكَ لَبَّيْكَ، إِنَّ الْحَمْدَ وَالنِّعْمَةَ لَكَ وَالْمُلْكَ لاَشَرِيْكَ لَكَ

***((Labbaik Allaahumma Labbaik. Labbaika laa shareeka laka labbaik. Innal-hamda wan-ni'mata laka wal mulk. Laa shareeka lak.))*** (Narito ako o Allah (bilang pagtugon sa Iyong panawagan. Narito ako. Tunay na ang papuri at pagbibiyaya ay ukol sa iyo at ang paghahari; wala kang katambal). [ ni Bukhari at Muslim ]

• Sunnah (kanais-nais) sa mga kalalakihan ang taasan ng boses sa pagbibigkas ng Talbiyah at (Sunnah) sa mga kababaehan naman ang paliitin ang boses.




• Sa pagdating sa Masjid Al Haram, pumasok sa masjid at iunang ipasok ang kanang paa sabay basahin:

(( بِسْمِ اللَّهِ، ٱللَّهُمَّ صَلِّ عَلَىٰ مُحَمَّدٍ، اللهُمَّ افتحْ لي أبوابَ رَحمَتِكَ ))

(Sa ngalan ng Allaah! O Allaah, magpadala ng pagpapala at kapayapaan kay Muhammad. O Allaah! Buksan mo para sakin ang mga pinto ng Iyong Awa.) [Isinalaysay ni Muslim]




• Pagkatapos ay magtungo sa Ka'bah at itigil ang pagbibigkas ng Talbiyah.




• Magsagawa ng Wu'du (ablution) (1) bago simulang isagawa ang Tawaf (paglilibot ng Ka'bah).

• Mustahabb (kanais-nais) din na gawin ang I'dtibaa bago mag-Tawaf. Ang I'dtibaa ay ang paglalagay ng gitna ng ridaa sa ilalim ng kanang kilikili habang ang dalawang dulo ay nasa taas ng kanyang kaliwang balikat (2). Ito ay Sunnah (kanais-nais) sa lahat ng pitong Shawt (ikot) ng Tawaf.







**Ang Shirk ay ang pag-uukol ng alinmang gawaing pagsamba sa anuman o sinuman bukod sa Allaah.**

# Mga Gawain sa Tawaf (Paglilibot ng Ka'bah)

• Simulan ang Tawaf sa Al-Hajar Al-Aswad (Itim na Bato), at halikan ito kung maaari (2)









Kung hindi naman ay hawakan lang ito gamit ang kamay o anumang bagay at halikan ang nahawakan sabay sabihin: (( بِسْمِ اللَّهِ، الله أكبر *Bismillaah, Allaahu Akbar*)) (Sa ngalan ng Allaah. Ang Allaah ang Pinakadakila) [Sahih Bukhari 1535]

• At kung hindi kayang gawin ang mga iyon, tumayo na lang sa tapat ng Al-Hajar Al-Aswad kahit mula sa malayo at ituro na lang ito gamit ang kamay (3) (4) sabay sabihin:




(( بِسْمِ اللَّهِ، الله أكبر *Bismillaah, Allaahu Akbar*))




• Pagkatapos ay magsimulang maglakad habang ang Kaaba ay nasa bandang kaliwa (1) at magbasa ng makakayanan sa mga Du'a (panalangin) at Dhikr (pag-alala, pagdadakila, at pagluluwalhati sa Allaah) o kaya nama'y magbasa ng Qur'an at manalangin ng anumang nanaisin sa Allaah.




• Sa tuwing daraanan ang Ar-Rukn Al-Yamaani ay kung maaari hawakan ito gamit ang kamay ngunit wag halikan ang kamay (2). Kung hindi kayang gawin (ang paghawak sa Ar-Rukn Al-Yamani), ay huwag nang ituro ito.

• Walang takdang Du'a (panalangin) sa lahat ng Shawt (isang ikot sa Ka'bah) o sa mga sulok (ng Ka'bah) o sa alinmang lugar, maliban lang sa pagitan ng Ar-Rukn Al-Yamaani at Al-Hajar Al-Aswad [Tingnan: pahina (23) larawan (1)] kung saan kailangang sabihin:

(( رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الْآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ ))

*((Rabbanaa aatinaa fid-dunya hasanah wa fil-aakhirati hasanah, waqinaa 'adhaaban-naar))* (Aming Panginoon! Inyong pagkalooban kami ng mabuti sa mundong ito at ng mabuti sa Kabilang Buhay, at Inyong iligtas kami sa kaparusahan ng Apoy!) [Sunan Abu Dawud : 1894]




**Sinumang manumpa sa bukod sa Allah ay katunayang nakagawa ng Shirk (pagtatambal sa Allaah) - isang Sahih (tunay) na Hadeeth.**

• At sa tuwing daratnan ang Al-Hajar Al-Aswad (Itim na Bato) o maging katapat ito, hawakan ito o kaya ituro – kagaya nang naipaliwanag na[Tingnan: pahina (23)] sabay magsagawa ng Takbir ((Allaahu Akbar)) [ Bukhari : 1535] at sa pamamagitan nito ay naisagawa na ang isang Shawt (isang ikot sa Ka'bah). Ipagpatuloy ang pagsasagawa ng mga natitirang Shawt hanggang maging ganap na pitong Shawt lahat. At sa katapusan ng ikapitong Shawt ay huwag nang hawakan o ituro ang Al-Hajar Al-Aswad.

• Sunnah (Kanais-nais) sa mga kalalakihan ang Raml sa unang tatlong Shawt (pag-ikot sa Ka'bah). Ang Raml ay ang pagbibilis ng paglalakad nang magkakalapit ang mga hakbang at naalog ang mga balikat nang walang pagtalbog. Ang normal na paglalakad naman ay para sa apat na natitirang Shawt. At kung hindi posible ang magsagawa ng Raml dahil sa dami ng tao ay walang mali kung hindi ito gawin.

# Pagkatapos Isagawa ang Pitong Shawt ng Tawaf




- Itigil ang I'dtibaa. (Tatakpan ang balikat gamit ang ridaa) (1)




- Pagkatapos ay magtungo sa Maqaam Ibrahim (Himpilan ni Ibrahim) (2) at sabihin:

وَاتَّخِذُوا مِن مَّقَامِ إِبْرَاهِيمَ مُصَلًّى

*((Wat-takhidhoo mim-maqaami Ibraaheema Musallaa))* (At gawin niyo ang Himpilan ni Ibrahim bilang lugar na dalanginan) [Surah Al-Baqarah : 125]




- Pagkatapos ay magsagawa ng dalawang rak'ah ng Salat sa likod ng Maqaam Ibrahim kung maaari. At kung hindi kayang gawin iyon dahil sa dami ng tao o kaya'y nangangamba na ang kanyang Salat ay magdudulot ng sagabal (sa mga nagta-Tawaf) ay walang mali kung isagawa ang Salat sa alinmang lugar sa Masjid Al-Haraam. (3).



Ang (Tameemah) anting-anting ay isang butil o mga katulad nito na isinasabit sa le-eg habang inaakala na ito ay nakakapagtaboy ng malas o kaya ng masasamang espiritu.

• Mustahabb (kanais-nais) na basahin sa unang rak'ah pagkatapos ng (surah) Al-Faatihah ang (surah) ((قُلْ يَا أَيُّهَا الْكَافِرُونَ)) at sa pangalawang rak'ah ang (surah) ((قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ)). At kung ibang mga ayah ang binasa ay walang problema. [Sahih Muslim 3009]

• Matapos isagawa ang dalawang rak`ah ng Salat, magtungo sa Al-Hajar Al-Aswad at hawakan ito – gaya ng naipaliwanag na – kung madali't makakakaya, at kung hindi naman ay walang problemang hindi gawin.

• Pagkatapos ay uminom ng tubig ng Zamzam. (1) at manalangin sa Allaah ng alinmang nanaisin at Sunnah (kanais-nais) ang sabihin kagaya ng sabi ni Ibn Abbas:



((بِسْمِ الله اللّٰهُمَّ إِنِّيْ أَسْأَلُكَ عِلْمًا نَافِعًا وَرِزْقًا وَاسِعًا وَشِفَاءً مِّنْ كُلِّ دَاءٍ))

*((Bismillaah, Allaahumma Innee ss-aloka 'ilman naafi'an wa rizqan waasi'an wa shifaa-an min kolli daa))* (Sa ngalan ng Allaah, O Allaah! Humihiling ako sa Iyo ng may silbing kaalaman, malawak na sustento, at gamot ng lahat ng sakit) [Mustadrak Al-Hakim : 1739]

• At sa ganung paraan natatapos ang Tawaf (paglilibot) sa Ka'bah. Pagkatapos ay magtungo sa Mas'a (lugar na pinagsasagawaan ng Sa'i) upang maisagawa ang Sa'i.

# Ang Pagsasagawa ng Sa'I sa Pagitan ng Safa at Marwa

• Magtungo sa Safa. ① ② Kapag nakalapit na dito ay basahin ang salita ng Allaah:







((إِنَّ الصَّفَا وَالْمَرْوَةَ مِنْ شَعَائِرِ اللَّهِ ))

(Katotohanan, ang As-Safa at Al-Marwa (dalawang bundok sa Makkah) ay ilan sa mga tanda ng Allah.) [Surah Al-Baqarah : 158] at sabihin din:

"أَبْدَأُ بِمَا بَدَأَ اللهُ به" "Abda-o bi maa bada-allaahu bih" (Magsisimula ako sa inuna ng Allaah). Ito ay sasabihin lamang sa simula ng Sa'i.




• Pagkatapos ay umakyat o tumayo sa Safa, humarap sa Ka'bah ③ at magsabi:

«لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللَّهُ، اللَّهُ أَكْبَر»

*((Laa ilaaha illallaah, Allaahu Akbar))* (Walang dapat na sambahin maliban sa Allaah, ang Allaah ang Pinakadakila!). Pagkatapos ay sabihin:

«لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللَّهُ وَحْدَهُ لاَ شَرِيكَ لَهُ لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ ، لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللَّهُ وَحْدَهُ أَنْجَزَ وَعْدَهُ وَنَصَرَ عَبْدَهُ وَهَزَمَ الأَحْزَابَ وَحْدَهُ»



**Sinumang kumuha ng isang tao bilang taga-pamagitan sa kanya at sa Allaah, humihingi ng Shafaa'ah (pamamagitan) sa taong ito at nananalig siya dito ay katotohanang nakagawa siya ng Shirk (pagtatambal sa Allaah).**

*((Laa ilaaha illallaahu wahdahu laa shareeka lahu lahul-mulku wa lahul-hamdu wa howa 'alaa kolli shai-in qadeer, laa ilaaha illaahu wahdah anjaza wa'dahu wana'sara abdahu wahazamal ahzaaba wahdah))*. (Walang ibang dapat na sambahin maliban sa Allaah, tanging Siya lamang, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay. Walang dapat na sambahin maliban sa Allaah, tanging Siya lamang. Tinupad Niya ang Kanyang pangako, pinagtagumpay Niya ang Kanyang Lingkod, at mag-isa Niyang ginapi ang mga magkaka-alyansa.) Ulitin ito hanggang maging tatlong beses lahat ang pagkakasabi. Magsagawa ng du'a sa pagi-pagitan ng tatlong beses na iyon. [Sahih Muslim 3009]

- At itaas ang mga kamay at purihin ang Allaah at manalangin nang anumang nanaisin.

- Pagkatapos ay maglakad papuntang Marwa at basahin ang anumang naising du'a (panalangin), dhikr (pag-alala at pagdakila sa Allaah) at (mga ayah) sa Qur'an. (1)(2)

Mustahabb (kanais-nais) na sabihin:

اَللَّهُمَّ اغْفِرْ وَارْحَمْ

وَأَنْتَ الْأَعَزُّ الْأَكْرَم


*Allahumma Ighfir War-ham wa antal-A'azz Al-Akram* (O Allah, patawarin at kaawaan Mo ako, at ikaw



1


2

ang Pinakamamahal, ang Pinaka-mapagbigay) [Sunan al-Bayhaqi al-Kubra : 9134]

• Kapag dumating sa dalawang guhit na berde, maglakad nang madali at patakbo sa pagitan nila ngunit iwasang makasakit ng ibang tao. Ito ay Sunnah (kanais-nais) sa mga kalalakihan lang. (1)(2)(3)







• Kapag nalampasan ang dalawang guhit na berde, maglakad nang normal at huwag kalimutan ang pagsasagawa ng Dhikr (pag-alala at pagdakila sa Allaah) hanggang dumating sa Marwa. At sa ganitong paraan ay natapos ang unang Shawt (bahagi).





• Tumayo sa Marwa (4) at gawin ang anumang ginawa sa Safa kagaya ng: pagharap sa Ka'bah at pagtaas ng mga kamay; pagsasabi ng mga Tahleel (pagsabi ng Laa ilaaha illallaah), Takbeer (pagsasabi ng Allaahu Akbar), at Tahmeed (pagsasabi ng Alhamdulillaah); at pananalangin ng anumang naisin.

• Pagkatapos ay magtungo pabalik sa Safa. Maglakad nang

mabilis at patakbo sa pagitan ng dalawang guhit na berde sabay magparami ng mga dhikr at du'a hanggang umabot sa Safa. At sa ganitong paraan ay natapos ang pangalawang Shawt (bahagi). [Tingnan: pahina (30) larawan (1) (2) (3)]

• Sa ganitong paraan din isagawa ang mga natitira sa pitong Shawt (bahagi) ng Sa'i hanggang sa magtapos ang pampitong Shawt sa Al-Marwa. (1)




## Mga Paalala:

• Ang pag-akyat sa Safa at Marwa at ang paglalakad nang mabilis sa pagitan ng dalawang guhit na berde ay mga Sunnah (kanais-nais) lamang, kaya naman gawin lang sila kung kaya at posible.

• Hindi kondisyon (kinakailangan) ang Taharah (dalisay na kalagayan) at Wu'du (ablution) sa pagsasagawa ng Sa'i. Ngunit mas mainam paring may Wu'du.

• Walang takdang dhikr o du'a habang naglalakad sa Sa'i. Manalangin na lang ng nanaisin o kaya magbasa ng Qur'an.

• Hindi pwedeng mag-I'dtibaa sa pagsasagawa ng Sa'i. Bagkus, ilagay ang ridaa sa taas ng mga balikat gaya nang kaugalian. [Tingnan: pahina (26) larawan (1)]

# Pag-aahit ng (buhok sa) Ulo o Paggugupit Nito

• Kapag naganap na ang pitong Shawt (bahagi) ng Sa'I, ang lalaki ay mag-aahit ng buhok sa ulo (1) o kaya ay gugupitan niya ito. (2) Kinakailangang ang paggugupit ng buhok ay sakop ang buong ulo. Subalit, mas mainam ang pag-aahit sa ulo. Sisimulan niya ( ang pag-aahit o paggugupit) mula sa bandang kanan kagaya ng Sunnah (pamamaraan) ng Sugo ng Allaah (sumakanya ang pagpapala at kapayapaan).


1


2


3

• Samantalang ang babae ay kanyang gagawin ang kanyang buhok sa anyo ng mga sanga at kanyang puputulin mula sa mga ito ang sukat na kagaya ng mga dulo ng daliri. (3)

At sa ganitong paraan, ay nakumpleto ng Mu'tamir (nagsasagawa ng 'Umrah) ang kanyang 'Umrah, nakalabas na siya sa kalagayan ng Ihram at maaari na niyang gawin ang mga pinagbawal sa kaniya noong nasa kalagayan siya ng Ihram. At ang lahat ng papuri at pasasalamat ay sa Allaah.